# ANG ORGANO NG DEMOKRATIKONG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA

SERYENG PADEPA

2005

# Ang
# ORGANO NG DEMOKRATIKONG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA (ODKP)

## Introduksyon

ISA SA MGA PANGUNAHING TUNGKULIN NG DIGMANG bayan ay ang pagtatayo ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika (ODKP).

Ang ODKP ang daluyan ng pagkilos ng mamamayan para labanan ang reaksyonaryong kapangyarihang pampulitika at itayo ang sariling estado. Sa kasalukuyang kaayusan, nararanasan ng mamamayan ang matinding kahirapan at pang-aapi ng reaksyonaryong estado sa pamamagitan ng mga galamay nito: ang mga korte at batas, AFP at pulisya, mga ahensya ng pamahalaan, simbahan at masmidya para itaguyod, ipaglaban at panatilihin ang interes ng naghaharing uri. Sa ilalim ng bulok at reaksyonaryong estado, walang kahit anong makabuluhang karapatan ang mamamayan. Nararapat lamang na gapiin ito sa pamamagitan ng pambansang demokratikong rebolusyon at itayo ang rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika ng mamamayan para sa kapakanan at interes ng lahat ng mga inaapi at pinagsasamantalahan. Pangunahing papel ng ODKP na organisahin ang lubos na paglahok at pagsuporta ng mamamayan sa saklaw nito sa pagsusulong ng rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay.

Ang demokratikong kapangyarihang bayan ay pinapanday sa kanayunan sa pamamagitan ng tatlong hindi mapaghihiwalay na sangkap ng digmang bayan: armadong pakikibaka, paglulunsad ng rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng bukid. Sa paglulunsad ng armadong pakikibaka at tagumpay sa labanan ay nalilikha ang mga kalagayan para palawakin ang mga base. Ang base ay ginagamit ng armadong pwersa ng mamamayan para masukol ang pwersa ng kaaway. Kung maraming baseng bukid, marami rin ang lugar na mapaglulunsaran ng rebolusyong agraryo. Sa paglulunsad nito, lalo namang napatatatag ang mga base dahil nalilipol ang mga pwersang pyudal at ang kanilang kapangyarihang pampulitika. Ang pagpupukaw at pagpapakilos sa masang magsasaka ay mapagpasya para matagumpay na isulong ang armadong pakikibaka at itayo ang mga rebolusyonaryong base.

Sa paglakas ng armadong pakikibaka, pag-unlad ng rebolusyong agraryo at pagtibay ng mga baseng bukid sa larangan ng pulitika, ekonomya, militar at kultura, nalilikha ang simula ng isang bagong estado — kahit na umiiral pa ang mga reaksyonaryong naghaharing uri at hindi pa naibabagsak ang lumang estado. Sa pamamagitan ng masikhay na pagkilos ay naipupundar ng rebolusyonaryong kilusan sa marami-raming baryo ang mga Sangay sa Partido, mga yunit ng hukbong bayan, mga ganap na samahang masa, milisyang bayan, at mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo na gumagampan bilang organo sa pagsusulong ng rebolusyon at tunay na gubyerno ng mamamayan

Isa ito sa mga haligi ng estadong sumisibol sa paglulunsad ng sambayanan ng bagong demokratikong rebolusyong may sosyalistang hinaharap. Ginagabayan ito ng Partido na nasasandatahan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at tinitiyak nitong tunay na napapangalagaan ang kapakanan ng mamamayan laluna ang masang anakpawis, kabilang na ang mga panggitnang uri na kalahok sa bagong demokratikong rebolusyon.

Sa inabot nating antas ng malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya ay ang panawagang itayo ang mga ODKP sa antas baryo at bayan. Kaya't mahalagang pag-aralan natin ito para tuluy-tuloy na mapalakas ang ating baseng gerilya at lahatang panig na makonsolida ang ating mga larangan.

## BALANGKAS

1. Ano ang Organo ng Demokratikong Kapangyarihang Pampulitika (ODKP)?
2. Bakit kailangang buuin ang KRB bilang lokal na ODKP sa kanayunan?
3. Ano ang mga rekisito sa pagtatayo ng KRB?
4. Ano ang komiteng rebolusyonaryo sa antas bayan (KRBn)? Anu-ano ang mga rekisito sa pagbubuo nito?
5. Paano itinatayo at pinapagana ang Komiteng Rebolusyonaryo sa antas ng baryo at bayan?
6. Ano ang mga tungkulin ng KRB?
7. Ano ang patakarang 3/3 sa pagtatayo ng ODKP?
8. Ano ang mga subkomite sa ilalim ng KRB?
9. Ano ang hukumang bayan at mga tungkulin nito?
10. Ano ang mga aral na mahahalaw natin sa ating karanasan sa pagtatayo ng ODKP?

### *1. Ano ang Organo ng Demokratikong Kapangyarihang Pampulitika (ODKP)?*

Ito ang organisadong lakas ng mamamayan para pakilusin ang buong sambayanan at ipagtagumpay ang rebolusyon. Sa ODKP itinataas ang kamulatan at kinokonsolida ang masa para sa lahatang-panig na pagsulong ng DRB.

Ang ODKP ay ang estadong bayan na hakbang-hakbang nang itinatayo kahit namamayani pa sa buong bayan ang lumang reaksyonaryong estado. Ito ang pinagmumulan ng demokratikong kapangyarihang itinatayo at pinalalakas para sa lehitimong interes at mga mithiin ng mamamayan. Ang ODKP ay binhi ng rebolusyonaryong gubyernong bayan na nagpapanday sa masa sa pagpapatakbo ng sariling gubyerno.

Sentral na tungkulin ng mga ODKP ang pagpapatupad ng mga patakaran at hakbang para sa pagsusulong at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan; pagsuporta sa BHB at sa armadong pakikibakang inilulunsad nito; pagsusulong sa rebolusyonaryong reporma sa lupa; at pagsusulong ng mga kampanya at pakikibakang masa sa larangan ng pulitika, ekonomya, militar, kultura, kalusugan, atbp.

### *2. Bakit kailangang buuin ang KRB bilang lokal na ODKP sa kanayunan?*

Kailangang buuin at malawakang buuin ang mga komiteng rebolusyonaryo kapag sapat nang nailatag ang mga rekisito dahil ito ang organisasyong magbubuklod ng mga magsasaka at iba pang progresibo at demokratikong mga uri at elemento sa kanayunan. Ito ang pangunahing organisasyon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa kanayunan at kailangan para buklurin ang milyun-milyong mamamayan, buu-buong mga baryo at bayan para sa rebolusyon. Ito ang binhi ng rebolusyonaryong gubyernong bayan na nagpapanday sa masa sa pagpapatakbo ng sariling gubyerno. Kailangan ito para patuloy na palakasin ang baseng masa, patuloy na iangat ang kamulatan, pagkilos at organisasyon ng baseng masa sa mga konsolidadong bahagi ng kanayunan, at lahatang-panig na paunlarin ang mga rekisito sa pulitika, organisasyon, militar, ekonomiya

at kultura para sa pagsulong ng armadong rebolusyon sa mas mataas pang mga antas.

Kaya isang pangunahing tungkulin sa pagbubuo ng mga larangang gerilya ang pagtatayo at pagpapaunlad ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Isa itong mahigpit na tungkuling dapat ibilang na prayoridad sa mga plano sa konsolidasyon.

### 3. *Ano ang mga rekisito sa pagtatayo ng KRB?*

Kapag ang malaki-laking bilang ng baryong natayuan na ng ganap na samahang masa, sangay ng Partido at yunit ng milisyang bayan, aktibong lumalahok at sumusuporta ang masa sa mga rebolusyonaryong pakikibaka at gawain, at wala nang aktibong galamay ang kaaway ay maaari nang itayo ang KRB.

Pinakamainam na buuin ang komiteng rebolusyonaryo—gaya ng pagbabalak at pagpapatupad ng iba pang gawain sa konsolidasyon—sa kulumpon sa halip na sa paisa-isa't hiwa-hiwalay na baryo. Sa gayon, ang malawakang pagpapakilos sa masa at pagpapalakas ng gawaing alyansa na ihinuhudyat at lalong isinusulong ng pagbubuo ng komiteng rebolusyonaryo ay mararamdaman hindi lamang sa baryo kundi maging sa antas ng munisipalidad. Kapag may sapat na dami ng baryong may komiteng rebolusyonaryo, kailangang buuin din ang komiteng rebolusyonaryo sa antas ng munisipalidad.

Sa mga pinakakonsolidadong bahagi ng ating mga larangang gerilya, magkakaagapay na naitatayo ang mga ganap na samahang masa na saklaw bayan o katumbas nito kundi man mas masaklaw pa. Ang pagkakabuo ng mga ganap na samahang masa sa mga baseng gerilya ng ating mga larangang gerilya ay hudyat na maaari nang itayo ang mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo.

Dapat sikaping magkaagapay na buuin ang mga komiteng rebolusyonaryo sa dalawa o higit pang kulumpon ng mga konsolidadong baryo at baseng gerilya sa mga larangang gerilya. Dapat iwasang labis na tumampok o makaakit ng labis na pansin ng kaaway ang iilang magkakalapit na baryo o isa lamang maliit na kulumpon ng

mga baryo. Angkop sa inabot na antas ng malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya, mahalagang ipatupad ang lihim na estilo ng pagtatayo at paggawa ng mga ODKP. Dapat isulong nang paalun-alon ang pagtatayo ng mga baseng gerilya at mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa papalawak nang papalawak na bahagi ng kanayunan.

### 4. *Ano ang komiteng rebolusyonaryo sa antas bayan (KRBn)? Anu-ano ang mga rekisito sa pagbubuo nito?*

Pagnaitayo na ang kulumpon o mga kulumpon ng KRB sa antas baryo ay kailangang planuhin na rin ang pagtatayo ng Komiteng rebolusyonaryo sa antas bayan (KRBn). Ito ang magtutuloy sa konsolidasyon ng KRB at sa paglaganap ng mga ODKP sa buong bansa.

Sa pagpapabilis ng konsolidasyon ng KRB ay ang masiglang pagsulong ng mga pakikibakang masa sa buong hacienda o munisipyo; o sa isang linya ng industriya/ produkto, o mga koordinadong pagkilos interbarrio para lansagin ang kapangyarihan ng panginoong maylupa sa kanayunan. Magiging masigla ang paglawak sa saklaw ng nagkakaisang prente, di lamang sa hanay ng magsasaka kundi ng lahat ng mamamayan. Sa pamumuno ng mga KRB, lalawak at magkakaroon ng mas aktibong papel ang mga rebolusyonaryong institusyon gaya ng hukumang bayan, milisyang bayan at mga subkomite sa iba't ibang departamento. Patuloy na pauunlarin ang mga samahang masa. Higit pang masasanay ang pamumuno ng sangay ng Partido sa lokalidad para sa lahatang panig na pagkilos.

### 5. *Paano itinatayo at pinapagana ang Komiteng Rebolusyonaryo sa antas ng baryo at bayan?*

Ang pinakamataas na awtoridad ng gubyernong bayan sa antas baryo ay ang pangkalahatang pulong ng taumbaryo. Tatawagin ang pangkalahatang pulong ng taumbaryo para ihalal ang komiteng rebolusyonaryo ng baryo, o kaya'y para talakayin ang mga patakaran at proyekto ng alinman sa binanggit na mga komite.

Kabilang sa mga delegado ng kumperensyang bayan ng munisipalidad ang mga upisyal ng mga komiteng rebolusyonaryo ng baryo at mga

komiteng pang-organisa ng baryo. Kabilang sa mga delegado ng kumperensyang bayan ng distrito ang mga tagapangulo at pangalawang tagapangulo ng mga kunsehong bayan ng munisipalidad. Kabilang sa mga delegado ng kumperensyang bayan ng probinsya ang lahat o karamihan ng mga myembro ng kunsehong bayan ng distrito.

Ang kunsehong bayan ang organo ng gubyerno na mamumuno sa teritoryong saklaw nila at siyang magiging organong tagapagpaganap dito. Ang bawat kunsehong bayan ay maghahalal mula sa mga myembro nito ng isang tagapangulo at anim na pangalawang tagapangulo para sa organisasyon, edukasyon, ekonomya, depensa, kalusugan at kultura & isports. Idadaos ang mga plenum ng kunseho tuwing kailangan. Gayunman, ang tagapangulo at mga pangalawang tagapangulo ang tatayong pamalagiang komite ng kunsehong bayan, at kolektibong mangangasiwa sa mga gawain ayon sa mga disisyon ng plenum ng kunseho.

Karaniwa'y apat na taon ang panunungkulan ng komiteng rebolusyonaryo ng baryo o komiteng pang-organisa ng baryo at kunsehong bayan sa bawat antas. Pero pwedeng paikliin o pahabain ang panunungkulan kung ito ang disisyon ng nakakataas na kunsehong bayan, o kaya'y pwedeng lusawin o palitan ang kunseho o komite dahil sa petisyon ng mamamayan. Ang komite o kunseho ay pwedeng maghirang ng taong uupo sa nabakanteng pusisyon. Kailangang aprubahan ng nakakataas na komite o kunseho ang paghihirang na gagawin.

## 6. *Ano ang mga tungkulin ng KRB?*

**a.** Magpatupad sa rebolusyonaryong programa ng reporma sa lupa. Tuluy-tuloy na pinalalawak at pinalalalim ng mga ODKP ang rebolusyong agraryo. Binibigyang laya ang mga samahang magsasaka na maisakatuparan ang kanilang kahilingan sa reporma sa lupa. Batay sa kasalukuyang lakas ng rebolusyonaryong kilusan, ipatutupad ang minimum na kahilingan sa reporma sa lupa sa malawakang saklaw. Ipatutupad ang pagpapababa ng upa sa lupa at pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid at itatakda ang makatarungang tantos ng interes sa pautang sa mga sonang gerilya. Paiiralin ang pinag-isang progresibong buwis na nagtatakda ng makatarungang buwis sa agrikultura at negosyo.

**b.** Suportahan ang pagpapabuti sa kabuhayan ng mga manggagawa, magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda at iba pang anakpawis sa pamamagitan ng kontrol sa presyo sa mga produktong bukid at pagbibigay ng trabaho sa walang trabaho o walang sapat na trabaho; oorganisahin ang mga panimulang yunit ng kooperatiba (pangkat ng pagtutulungan at sistema ng palitang paggawa) at itataguyod ang bawat kilusan sa pagpapalayang pang-ekonomya ng sambayanan.

**k.** Mobilisahin ang mamamayan para sa digma. Organisahin ang mga yunit pandepensa sa baryo. Tumulong sa hukbong bayan para magsanay at magrekluta ng kabataan para gumampan ng tungkuling militar.

**d.** Ipatupad ang iba't ibang mobilisasyon at kampanyang masang antipasista at anti-imperyalista. Magtatayo at magpapatupad ng mga programa sa kalusugan, edukasyon, literasiya, kultura at isports.

**e.** Sa pakikipagtulungan sa milisyang bayan, susugpuin ng ODKP ang pagnanakaw ng kalabaw, baka at iba pang hayop, pamimirata, panunulisan, pagtutulak/paggamit ng droga, pangingidnap at iba pang gawaing lumpen na bumibiktima sa mahihirap.

**g.** Tumulong sa lahat ng organisasyon at grupong tumutulong sa pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente at ihiwalay ang mga pusakal na kaaway ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa pamamagitan ng mga komiteng rebolusyonaryo ng baryo itataguyod at palalakasin ang pamumuno ng mga maralitang magsasaka at mga manggagawang bukid at mga demokratikong pwersa hanggang mapahina o tuluyan nang mawalan ng saysay ang mga konseho ng baryo at iba pang institusyon sa baryo na itinayo ng reaksyonaryong gubyerno.

Ang komiteng rebolusyonaryo ng baryo at ang samahan ng magsasaka sa baryo ay mamamahala sa lahat ng gawain sa baryo kaugnay ng organisasyon, edukasyon, ekonomya, depensa, kultura at kalusugan; magpapatupad sa programa para sa reporma sa lupa; mag-oorganisa ng milisyang bayan; lalahok sa gawain ng hukumang bayan; mangungulekta ng mga buwis at boluntaryong kontribusyon; at magbibigay ng lahat ng suporta para sa simulain ng rebolusyon.

### *7. Ano ang patakarang 3/3 sa pagtatayo ng ODKP?*

Sa pagtatayo ng mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo, ipinatutupad natin ang patakarang tatlong sangkatlo (3/3). Ibig sabihin, sa KRB---may karampatang representasyon ang Partido, batayang masa at panggitnang pwersa.

Sa KRB, ang naghaharing partido ay ang Partido Komunista ng Pilipinas; ang bag-as ng kapangyarihang pampulitika ay ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka; at ang mga organisasyong masa ay nagsisilbing baseng masa ng gubyernong bayan.

Dapat pagkalooban ang mga progresibong hindi kasapi ng Partido ng sangkatlo ng mga pusisyon dahil nakaugnay sila sa malawak na masa ng petiburgesya. Napakalaki ng magiging kahalagahan nito sa pagkabig ng huli.

Dapat pagkalooban ng sangkatlo ng mga posisyon ang panggitnang seksyon (mayamang magsasaka, naliliwanagang panginoong maylupa at panggitnang burgesya) para maihiwalay ang mga sagadsarin.

Ang layunin natin sa paglalaan ng sangkatlo ng mga pusisyon ay hindi matitigas na kota na mekanikal na pupunuan; ang mga ito'y ang humigit-

kumulang na proporsyon na dapat ilapat ng bawat lokalidad ayon sa partikular nitong mga katangian. Sa pinakamababang antas, maaaring baguhin nang kaunti ang proporsyon para mapigilan ang mga panginoong maylupa at despotiko na makapasok sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika

### *8. Ano ang mga subkomite sa ilalim ng KRB?*

Ang mga subkomite para sa reporma sa lupa, organisasyon, edukasyon, ekonomya, depensa, kalusugan at kultura ang tiyak na itatatag sa ilalim ng komiteng rebolusyonaryo ng baryo.

**a. Subkomite sa organisasyon**-- mamamahala sa pagbubuo at pagkokoordina ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng magsasaka (PKM), manggagawa, mangingisda, komersyante, kabataan, kababaihan, titser, bata, at aktibista sa kultura.

**b. Subkomite sa edukasyon**-- mamamahala sa pagpapa-unlad ng rebolusyonaryong kamulatang makauri, mangangasiwa sa mga iskwelahan (elementari at iskwelahang masa), at magtataguyod ng iba't ibang tipo ng aktibidad sa kultura.

**k. Subkomite sa ekonomya--** mamamahala sa pagpapatupad ng reporma sa lupa, sa produksyon at kooperasyon, at sa pagkulekta ng mga buwis at boluntaryong kontribusyon na pansuporta sa Demokratikong Gubyernong Bayan at sa Bagong Hukbong Bayan.

**d. Subkomite sa depensa**-- mamamahala sa pag-oorganisa ng milisyang bayan sa baryo, sa pagpapanatili ng kaayusang publiko at seguridad sa baryo, at sa paglaban sa mga kaaway ng mamamayan nang may koordinasyon sa Bagong Hukbong Bayan.

**e. Subkomite sa kalusugan**-- mamamahala sa kalinisang publiko, sa gawaing medikal sa baryo, at sa pagdadala ng mga maysakit at sugatan sa mga istasyong medikal o klinika.

**g. Subkomite sa kultura at isports**-- mamamahala sa pagpapalaganap at pagpapasigla ng makabayan, pangmasa at syentipikong kultura at magpapasimuno ng mga progresibo at rebolusyonaryong pangkulturang

gawain sa baryo o bayan. Mamamahala din sa gawaing pagpapasigla ng pangangatawan at isipan ng mga mamamayan.

### *9. Ano ang hukumang bayan at mga tungkulin nito?*

Upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan at matiyak ang pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan, ang hukumang bayan ay binubuo bilang organo na tutulong sa pagsasaayos ng mga panloob na ugnayan ng mga mamamayan at sa pagsugpo ng kontra-rebolusyon na inilulunsad ng kaaway.

Ang hukumang bayan ay bubuuin ng mga kinatawan ng Partido, hukbo at mamamayan. Pipiliin ang kinatawan ng Partido sa pamamagitan ng pulong ng sangay ng Partido sa loob ng hukbong bayan o sa lokalidad, ang kinatawan ng hukbo sa pamamagitan ng pulong ng yunit ng hukbo sa lokalidad at ang kinatawan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pulong ng Komite ng Pang-organisa ng Baryo* o Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo. Pipiliin ng tatlong kinatawan ang kanilang tagapangulo.

Hangga't maaari, palalahukin ang mga mamamayan sa hukumang bayan. Sa mga kasong laban sa kaaway, patitingkarin ang tinig ng mamamayan. Kung kinakailangan ang pag-iingat, maaaring ilang mamamayan lamang ang papayagang lumahok ng hukuman.

Sa kasalukuyan, ang hukumang bayan ay nililikha ng yunit ng Partido sa teritoryo o hukbo. Kung meron nang nakatayong KRB, maaari din itong lumikha ng hukumang bayan alinsunod sa gabay sa pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan.

Sa pagtatagumpay ng DRB, lilikhain ng Sentral na Demokratikong Gubyernong Bayan ang Kataas-taasang Hukumang Bayan bilang pinakamataas na awtoridad sa hustisya. Pwede ring likhain ng Demokratikong Gubyernong Bayan ang mga ispesyal na hukuman kung hinihingi ng ispesyal na mga kalagayan.

Lilikhain ng gubyernong bayan ng probinsya, distrito, munisipalidad at baryo sa kani-kanilang antas. Sa maliit at simpleng mga kaso,

magkakaroon ng lupon na bubuuin ng tatlong huwes man lamang. Sa malaki't kumplikadong mga kaso naman, laluna kung kamatayan ang pwedeng maging parusa, magkakaroon ng lupon na bubuuin ng siyam na huwes man lamang.

Oobligahin ng hukumang bayan na gawing ditalyado ang demanda, at iimbistigahin nang husto ang kaso bago ito litisin. Laging aalamin ng hukumang bayan ang panig ng nagdedemanda at ng akusado. Ang panig ng nagdedemanda at ng akusado ay sapat na didinggin, at may karapatan silang kumuha ng abugado at magharap ng mga testigo't ebidensya.

Ang disisyon ng nakakababang hukumang bayan ay pwedeng iapila sa nakakataas na hukumang bayan. Gayunman, ang hukumang bayan ay pwedeng tumanggap ng mosyon para sa rekonsiderasyon ng disisyon nito. Ang mga kasong dinisisyunan ng kamatayan ay awtomatikong iaapila sa pinakamataas na awtoridad ng pampulitika't hudisyal sa rehiyon, at kung posible'y awtomatikong dadalhin sa Kataas-taasang Hukumang Bayan o sa nakatayo nang organong gumaganap ng tungkulin nito.

### *10. Ano ang mga aral na mahahalaw natin sa ating karanasan sa pagtatayo ng ODKP?*

**a.** Pagpapahina sa pamumuno at organisasyon ng Partido dahil sa rebisyunistang linya na ang organo ng kapangyarihang pampulitika o nagkakaisang prente ang dapat mamuno sa rebolusyonaryong kilusan, na nagkakait sa katayuan at tungkulin ng Partido bilang naghaharing partido sa itinatayong organo ng kapangyarihang pampulitika at aktwal na humahawak ng kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng mga mapagpasyang instrumento ng estado tulad ng hukbong bayan.

**b.** Pagpapahina ng mga organisasyong masa na napabayaan gaya ng organisasyon ng Partido at nabuhos ang pansin sa organo ng kapangyarihang pampulitika at nagkakaisang prente. Nakaligtaan ang prinsipyo na ang mga organisasyong masa ay likas na bahagi ng pagpapairal ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika at paggugubyerno at hindi mga "NGO" o mga organisasyong umiiral nang labas sa pinauunlad na rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika.

**k.** Pangingibabaw ng boses ng mga panggitnang pwersa sa ilang naitayong lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Paglabag sa rebolusyonaryong linya sa uri at pagpapahina sa sandigang lakas ng uring manggagawa at magsasaka sa loob ng lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika.

**d.** Burukratismo at komandismo, pamumuno sa pamamagitan ng mga ordinansa at utos, mga kalat-kalat na kaso ng pag-abuso ng mga upisyal. Ang lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ay hindi isang organong pangunahi'y administratibo kundi organo ng rebolusyon. Pangunahing tungkulin nito ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa para sa rebolusyon. Ginagamit ng rebolusyonaryong gubyerno ang kanyang kapangyarihan at lakas para isulong ang rebolusyon at igupo ang mga kaaway sa uri.

**e.** Pagtamlay ng mga kampanya at mobilisasyong masa kabilang na ang rebolusyong agraryo, paglitaw ng ekonomismo at repormismo bunga ng paglihis at kahinaang inihanay sa itaas dagdag pa ang konsepto ng "pagkokonsolida" sa pamamagitan ng mga integreyted na planong pang-ekonomya na ipinapataw mula sa labas.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Mga Dokumento ng Kumperensya sa Gawaing Masa 2002*
2. *Makibaka Para sa Pambansang Demokrasya*, Jose Maria Sison
3. *Krisis at Rebolusyong Pilipino*, Jose Maria Sison
4. *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*, Amado Guerero
5. *Patnubay sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan*
6. *Materyalismong Istoriko* , Book 1, BKP
7. *Pang-organisasyong Patnubay at Balangkas ng mga Ulat*
8. *Pahayag ni Armando Liwanag sa ika-29 Aniberysaryo ng BHB*

PAARALANG PRIMARYA NG PARTIDO
★ PKP-MLM ★